

1. Pagbubukas ng Ilang Tanggapan sa Munisipiyong sa araw ng Linggo.

Ang ilang windows o tanggapan ng main building ng cityhall ay magbubukas sa araw ng linggo sa panahong ito na kung kalian marami ang lumilipat ng tirahan dahil sa pagpasok sa bagong eskwelahan o trabaho at iba pa. Ang mga araw ng linggo na magkakaroon ng opisina ay ang ika-20 at 27 ng Marso at ang ika-3 at 10 ng Abril mula alas 8:30 ng umaga hanggang alas 5:15 ng hapon.

Ang mga tanggapan na bukas sa panahon ito ay ang “Shimin Seikatsu-Ka o Civic Livelihood Section, ang “HokenNenkin-Ka” o Health Insurance and Pension Section, ang “Zeimu-Ka” o Taxation Section at ang “Shuuzei-Ka” o ang Tax Collection Department. Ang mga nagmamay-ari ng My Number’s Card ay maaaring kumuha rin ng mga sertipikadong dokumento sa mga convenience stores na may multi-copy machines kaya gamitin natin ito. Bilang karagdagan, sa mga nasabing Linggo ay may itinalagang counter para sa mga mag-aapply , magbabago o ire-reset ang Pin Numbers ng kanilang My Number’s Card.

Para sa mga nakatira sa Tochigi City ay maaring pumunta sa pangalawang palapag ng pangunahing gusali ng city hall sa “Shimin Seikatsu-Ka” o ang Civic Livelihood Section. At para naman sa mga taga Ohira, Fukioka, Tsuga, Nishikata at Iwafune ay pumunta lamang sa sangay ng munisipiyong sa kanilang lugar. Bukas ang mga naturang tanggapan alas 8:30 ng umaga hanggang alas 12:00 ng tanghali sa pangalawang linggo ng buwan maliban sa “shimin Seikatsu-Ka” na bukas din sa pang-apat na linggo ng buwan.

Sa pagkuha ng appointment ay tumawag lamang sa numero 0282-21-2126 para sa mga taga Tochigi City o sa”Chiiki Zukuri Suishin-Ka” o ang Community Development Promotion Section ng mga sangay ng cityhall sa kani-kanilang lugar.

2. Tungkol sa Notipikasyon sa Light Motor Vehicle Tax

Ang bayarin sa buwis ng mga light motor vehicles ay ipapataw sa mga nagmamay-ari nito simula ng Abril. Kahit wala na ito sa iyong posisyon dahil ito ay maaring naipamigay na o nanakaw ngunit hindi ito naipag-bigay alam ay darating ang notipikasyon sa bayarin ng buwis para rito. Kung nais ng itapon ang sasakyan, nagpalit na ng may-ari o nagpalit na tirahan ay dapat gawin ang proseso nito hanggang sa kalagitnaan ng Marso.

Ang scooter at motorsiklo ay saklaw sa buwis na ito.

Magpapadala ang pamahalaang lungsod ng bayarin ng buwis sa mga nagmamay-ari ng light motor vehicles na may deadline ng pagbabayad hanggang sa katapusan ng Mayo.

3. Mga Pamamaraan Upang Maiwasan ang Pagkahawa sa COVID19.

Ang pagdami ng mga nahahawaan ng COVID19 ay hindi pa rin tumitigil. Ipinapaki-usap sa lahat na lalo pang pag-ibayuhin ang pagsasagawa ng mga pangunahing hakbang sa pag-iwas sa pagkakahawa ng COVID19.

Ang unang dapat bigyan pansin ay ang tamang pagsuot ng facemask. Tiyakin na nagkasya ang ilong tuwing magsuot ng facemask, wala itong puwang at mahigpit ang pagkakasuot nito. Gumamit ng magandang kalidad ng facemask na kung maari ay iyong hindi gawa sa tela. Kasunod nito ay ang madalas na paghugas at pagdis-impekta ng ating mga kamay. Tiyakin palagi na mariing nakapag-hugas at nakapagdis-impekta ng kamay pagkatapos humawak ng mga karaniwang bagay, bago at pagkatapos kumain at pagkatapos din na sumakay ng mga pampublikong sasakyan. Bilang huli ay ang pag-iwas sa tatlong C's na kung tukuyin ay:

- 1) Close Ranged Conversation o malapitang pakikipag-usap.
- 2) Crowded Spaces o siksikan na lugar
- 3) Closed Rooms o lugar na mahina ang bentilasyon.

Iwasan kahit isa mga ito kung hindi man ay tangkahing ang "Zero C". Bilang partikular ay ang pagpapanatili sa distansya sa pagitan ng mga tao. Panatilihing maikli lamang ang pakikipag-usap kung maari at iwasan ang malaking boses. Lalo pang pagtibayin ang bentilasyon ng kinaroroonang lugar. Kung nakakaramdam na ng sama ng pangangatawan, halimbawa ng pagkakapagod, pagkakaroon ng lagnat at pananakit ng lalamunan ay mangyaring lumiban muna sa pagpasok sa trabaho o eskwela .

Kung nababahala baka nahawa o may impeksyon na ng COVID19 dahil sa pagkakaroon ng lagnat at iba pang suliraning pangkalusugan ay agad ng kumunsulta sa pinupuntahang doktor o sa pinakamalapit na pagamutan.

Kung nag-aalala dahil nagpositibo ang isang tao na naging "closed contact" ay mangyaring manatili lamang sa bahay at iwasan ang pakikisalamuha sa iba. Tutukuyin ng Public Health Center o ng "Hokenjo" ang mga nakasalamuha ng nagpositibong tao batay na rin sa kasaysayan ng kanyan pakikisalamuha sa ibat-ibang tao. At kapag naging isa sa mga "closed contact" ay tatawagan ng "Hokenjo". Kung kailangan ng tulong at gustong kumunsulta sa pamamagitan ng salita

多言語情報コーナー

(令和4年3月号)

maliban sa wikang hapon ay tumawag lamang sa COVID19 Hotline para sa mga dayuhan sa telepono 0286-78-8282. Tumatanggap sila ng tawag 24 oras.